# Pagkatok ng Dumadagundong na Manok sa Umaga

Nagising na naman ako di dahil sa pagtilaok ng manok ng aming kapitbahay ngunit dahil sa napakalakas na awiting dumadagundong na laging rumoronda sa tapat ng bahay namin tuwing umaga. Paulit-ulit lang naman ang awiting ito. Awitin ito ng isang kandidatong tatakbo ngayong darating na eleksyon. Halos kabisado ko na nga yata ang bawat liriko sa awiting iyon – mga lirikong ukol sa plataporma at propaganda ng tumatakbong kandidato. Kung pakikinggang mabuti, mahusay ang lumikha ng liriko nitong swak na swak na inilangkap sa himig ng *Chachacha* ng *Dabarkads* kaya't nakaiindak kapag pakikinggan at hindi mo namamalayanng mapasasabay ka na sa kaninang kinaiinisan mong awiting nakasira sa mababaw mong tulog bunga ng sobrang init ng kapaligiran. Sa madaling salita, mahusay pumili ang kandidatong ito. Nais talagang mang-engganyo ng tao para sa boto.

Maliban sa araw-araw na rumorondang awiting nangangampanya sa tapat ng aming bahay, kapansin-pansin din ang mga poster na may kulay na nakasabit sa kung saan-saan na nagmistulang palamuti na sa aming kalye. Tila isang pista ang mangyayaring halalan.Nagulat na nga lang din ako pag-uwi ko sa aming bahay na may nakasabit na sa aming tarangkahan na mukha ng isang kandidatong ilang beses nang tumatakbo at ilang beses na ring natalo. Maliban sa mga palamuting pabitin sa aming kalye, nagmistulang may mural ng mga mukha ang dinding sa aming kalye. Ang iba ay *black and white* lang ang kulay at may iba namang makukulay ngunit magkakatulad lamang na nakasasakit sa mga mata ang mga poster na ito. Siguro hindi na ako

magtataka kung minsan isang araw ay mapapanaginipan ko ang kandidatong ito. Paano ba naman hindi lang sa aming kalye makikita ang kanyang mukha, mayroon din hanggang sa palengke at patungong simbahan. Ang higit na masaya pa roon ay ang hindi iisang larawan lang sa isang dingding, kundi lima hanggang sa sampung kopya pa ng mukha niyang may katabi ng bilang ang nakalagay sa dingding na nagmistulang iniaalay ang dingding para sa kanya.Maaaring ang nakapagpapasaya lang sa akin sa tuwing pinagmamasdan ko ang kanilang mga poster ay ang mga islogan o *tagline* na kanilang ginagamit. Makikita kasi kung sino ang malikhain at kung sino ang gumaya na lang, kung ano ang nais at kung ano ang isinulat para lang mahikayat ang mga tao.

Napag-isip-isip ko. Sa ganito ba talagang paraan mababago ng dumadagundong na awitin at makukulay na poster ang sistemang mayroon sa ating lipunan? Ito lang ba ang tanging paraan upang matulungan ang bayan sa pag-unlad?Hindi.Kailanma'y hindi ko narinig sa talakayan ng aking mga guro na gumamit ng mga poster na may mukha at awiting nakaiindak si Rizal habang inihahatag niya sa buong mundo ang pagbabagong nais mangyari para sa bayan. Ni hindi ko rin nabasa sa kasaysayan namin na ginamit ni Andres Bonifacio ang kanyang pagiging ulila at mahirap upang makahiyat ng iba pang Pilipino na siya'y kilalanin at hiranging maging pinuno. Hindi ko rin nabalitaan na si Severino Reyes ay gumawa ng pagtatanghal upang mayroon siyang magamit na pondo para sa susunod na halalan. Lalong katanggi-tanggi marahil na ipinamalita ni Indarapatra na siya'y nagpunta sa Maguindanao upang maging bayani nito laban sa apat na halimaw na mayroon ito.Hindi, at kailanma'y alam kong hindi nila magagawa ito. Iisa lang ang tanging gamit nila sa pagkamit ng ninanais na pagbabago – **panitikan**g

pinagbuklod ang **pa**pel na malinis, **ni**ngning ng panulat, **t**alas ng **i**sipan at **ka**ranasa**n** ng manunulat sa pagmumulat ng lipunan.

Bawat isa sa kanila ay tangan-tangan ang panitikan para mabago at mapaunlad ang ating bayan. Panitikan ang naging boses ng mga Pilipino upang maipahayag ang kanilang nararamdaman lalo na sa mga panahong nasisikil ang kanilang mga karapatang magsalita at magpahayag. Ito angtahimik ngunit matinik nasandata ng mga Pilipino na nagbibigay ng lakas ng loob sa iba para ipaglaban ang ating bansa sa mga mananakop at mapagsamantalang pinuno na naipakita mula pa sa Panahon ng Kastila hanggang sa People Power Revolution at magpasahanggang ngayon.

Sa tulong ng panitikan, nauunawaan sa buhay ang mga bagay nahindi natin nakikita, naririnig, naaamoy o nalalasahan; pagkat ito'y pinaparamdam at pinahihiwatig gamit ang panitikan. Ito ang nagmistulang lapis na nagtatala ng mga nalalaman at nararanasan ng taong maaaring maging gabay ng sinuman sa kasalukuyan at hinaharap. Nagmimistula itongmantikang nagpapakulo sa mga maiinit na isyu na mayroon ang ating bansa na mababasa sa ating pahayagan upang higit na maging *updated* ang lahat. Dumadaloy ito tulad ng tubig na nag-aalis ng pagkauhaw sa sinumang naghahangad nito. Tinuturing man itong bahaw ng iba, pagkaing maituturing parin ito lalo na sa mga mahihirap na sabik sa pagkatuto at mga kuwentong mayroon ang bayan.Ito rin ay ang utak na nagsisilbing alkansya ng kaalaman at kaisipang mayroon ang bawat isang bansa. Higit sa lahat, ang panitikan ang naging imahe ng

ating bansa sa daigdig. Ipinakita ng panitikan ang ating lahi, ang ating kakaibang kultura, ang pagiging orihinal at ang pagiging masining at matalino nating mga Pilipino.

Dulot ng panitikan, marami sa sistema ng ating bansa ang nabago. Pilit sinosolusyunan ng bansa ang mga panlipunang suliraning ipinakikita ng mga *Indie Films* at mga sosyo-pulitikal na dokyumentaryo*.* Binabago ng mga pangkalikasang dokyumentaryo at pananaliksik, ang higit na pangangalaga sa ating bansa at nasisirang mga magagandang yaman ng bansa. Pinayayaman ng mga teleserye ang mga kabutihang-asal na dapat taglayin ng mga Pilipino sa oras ng kasaganaan at kagipitan. Pinahuhusay ng mga *Game Shows, Talent Shows* at *Talk shows* ang mga talentong taglay ng bawat Pilipinong magpapakilala sa bansa sa iba't ibang panig ng daigdig. Pinatatalas ng mga debate, balagtasan at pakikipanayam ang isipan at magalang na pakikipagtalastasan ng mga Pilipino. Ginigising ng mga makabagong awitin ang damdaming makabayan ng mga kabataang laging babad sa birtwal na mundong kanilang sinasakop. Pinapatag ng mga batas, panukala, sanaysay, at nobela ang tuwid na daang tinatahak ng ating bansa.Sa lahat, pinatitibay ng mga balita sa radyo, telebisyon at pahayagan ang pagkakabuklod-buklod at pagkakaisa nating mga Pilipino sa hirap man o sa ginhawa. Pilit na binabago at pinauunlad ng panitikan ang ating bayan.

Bago pa man matapos ang aking araw, syempre hindi malilimutang ipaalala sa akin ng dumadagundong na awiting nangangampanya ng kandidato ang kanyang pagtakbo sa darating na eleksyon. Sa tuwing naririnig ko ito, bumabalik sa aking

guniguni ang kanyang mukha at ang kanyang poster na palamuti sa aming kalye. Maaaring ginagawa ito ng mga kandidato dahil sa ninanais niyang tumatak sa mga isip ng botante ang mga kaya niyang gawin para sa bayan dulot na rin ng marami siyang kakumpetensiya – ingay ng mga batang hamog sa kalye, awitin ng iba pang kandidato, tumitinding init ng araw, mga taong nagmamadaling papasok sa kani-kanilang trabaho. Sa palagay ko, hindi man siya katulad nina Rizal na mapayapang nakipaglaban para sa bayan, nais naman niyang maging panitikang higit na tatak hindi lamang sa isip kundi tumatagos hanggang sa puso natin. Katulad din ng mga larawan, pangalan at islogang nakikita sa mga posters ng bawat kandidato, ang panitikan ang tumatayong larawan, sariling pangalan at etiketa na naglalarawan sa ating bansa. Ang panitikan ang tumatayong mukha ng lahing Pilipino sa buong mundo kaya kailangan nating pangalagaan, ipagmalaki, ipaglaban at mahalin ito upang patuloy na umunlad ang ating bansa.

Sa susunod na mga araw, magkakatotoo kaya ang mga pangako ng kandidatong tila manok na gumigising sa akin tuwing umaga?